



Ang iyong pirma ay ang iyong pag-agree sa mga serbisyo!

Ano ang dapat asahan sa iyong IPP miting

Sa iyong miting ng Individual Program Plan (IPP), ire-rebyu mo at pipirmahan ang isang **Form ng Agreement at Pirma**.

Kapag pumirma ka, sumasang-ayon ka sa mga serbisyong nakalista sa form. Ang ibig sabihin ng pag-pirma ay, "Ito ang mga serbisyong sumasang-ayon ako."

Pipirmahan mo rin ang form na ito sa taunang pagsusuri o anumang oras na magbabago ang iyong IPP.

Gusto naming tiyakin na alam mo kung ano ang aasahan.

Mahalagang malaman

Pagpirma ng Agreement at Signature Form:

- Ito ay kinakailangan ng Lanterman Act ng California.
- Pinapayagan nito ang iyong mga serbisyo na magsimula at / o magpatuloy. **Ang mga serbisyo ay hindi maaaring magsimula at / o magpatuloy hangga't hindi mo pinirmahan ang form.**
- **Ibig sabihin nito na ikaw ay pumapayag sa mga serbisyo, hindi sa report.** Ang report ay isusulat pagkatapos ng miting at ipapadala sa iyo sa mail. Kung gusto mong baguhin ang report kapag natanggap mo ito, makipag-ugnay sa iyong service coordinator para i-update ito.

Bakit mahalaga ito

Bago ang mga regional center, ang mga taong may kapansanan ay walang pagpipilian tungkol sa kanilang mga serbisyo.

Ngayon, ang pag-pirma ay kung paano ginagamit ng mga indibidwal at pamilya ang kanilang karapatan na magkaroon ng desisyon sa kung anong mga serbisyo ang kailangan nila, kung saan nila gusto na manirahan, at kung paano nila gusto na mabuhay.

Paano pumirma

- Sa personal kasama sa iyong service coordinator
- Sa elektronikong paraan – ipapakita sayo ng service coordinator mo kung paano
- Ipapaadala ang kopya/litrato ng pinirmahang form sa email sa iyong service coordinator

Ang iyong service coordinator ay ididiscuss ang mga ito kapag oras na para pumirma.

May mga katanungan? Tanungin ang iyong service coordinator.



Ang iyong pirma ay ang iyong pag-agree sa mga serbisyo!



Ano ang dapat asahan sa iyong miting

- I-rerebyu at pipirmahan mo ang isang Agreement at Form para sa Pirma
- Uma-agree ito sa mga serbisyong nakalista sa form



Mahalagang impormasyon

Pagpirma sa Agreement at Form para sa Pirma:

- Nire-require ito ng Batas ng Lanterman ng California
- Sinisimulan, ipinagpapatuloy, o binabago ang iyong mga serbisyo
- Kinukumpirma ang mga serbisyong iyong pinapayagan o hindi
- Ibig sabihin nito na ikaw ay pumapayag sa mga serbisyo, hindi sa report



Kailan ka pipirma

- Miting ng IPP
- Taunang Miting para i-rebyu ang IPP
- Mga pagbabago sa IPP (Amendment/Addendum)




Paano pumirma ng dokumento

- In person
- Elektronikong paraan
- Ipapaadala ang kopya/litrato ng pinirmahang form sa email



Step 1:

Umattend ng miting



Step 2:

I-rebyu at pirmahan ang form sa miting na nagsasabing uma-agree ka sa mga serbisyo



Step 3:

Tatanggapin ang mga serbisyo

Matuto nang higit pa sa www.nlacrc.org/power-to-the-pen/

